8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 2: Linggo 8**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**
- Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang naging tugon ng ilang bansa sa Asya, Africa at Latin America sa imperyalismong Europeo.<br>1. Naiisa isa ang mga mahahalagang pangyayari sa pagkakatatag ng United League ni Dr Sun Yat Sen at pagpapatupad ng Passive Resistance ni Mohandas Gandhi.<br>2. Naipapaliwanag ang layunin ng United League at Passive Resistance na nakatulong ng malaki sa pagkamulat ng nasyonalismo sa Asya.<br>3. Nakakabuo ng mga mungkahi kung paano maipapakita ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng konsepto ni Sun Yat Sen at Gandhi |
| **D. Nilalaman** | A. Paglaganap ng Nasyonalismo sa Asya at Amerika<br>1. United League ni Sun Yat Sen (China)<br>2. Passive Resistance ni Gandhi (India) |
| **E. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa (Culture, Identity, and Nationhood) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Wang, Y. C. (2024, April 10). *Sun Yat-sen \| Biography, Achievements, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Sun-Yat-sen<br>*Sun Yat-sen \| Biography, Achievements, & Facts*. (2024, April 10). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Sun-Yat-sen/The-revolution-of-1911<br>Nanda, B. (2024, May 1). *Mahatma Gandhi \| Biography, Education, Religion, Accomplishments, Death, & Facts*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Mahatma-Gandhi |

*Nationalist Party | Definition, History, Taiwan, Ideology, & Facts*. (2024, May 1). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/Nationalist-Party-Chinese-political-party
*Civil disobedience | Definition, Examples, & Facts*. (1998, July 20). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/civil-disobedience
Mga Larawan
https://short-biography.com/mahatma-gandhi.htm
https://chine.in/guide/sun-yat-sen_485.html


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br>Maikling Balik-aral (FILL THE MISSING WORDS)<br>Ang mga mag-aaral ay pupunan ng tamang sagot ang mga sumusunod na patlang. Matapos ay magkakaroon ng maikling talakayan tungkol sa nakaraang aralin.<br>1. Nagsimula ang mga rebolusyon sa Latin America laban sa __________ noong 1810 at tumagal hanggang 1825.<br>2. Si _________________________ay itinutring ng bayani ng bansang Venezuela, Colombia, Equador at Peru.<br>3. Ang __________________ pabalik sa Aprika ay isang kilusang pampulitika noong ika 19 at ika 20 siglo na nagtataguyod ng pagbabalik ng mga inapo ng mga aliping Aprikano Amerikano sa kontinente ng Aprika.<br>4. Si __________________ang emperador ng Hapon mula 1867 hanggang 1912, sa panahon ng kanyang paghahari ang Japan ay lubhang nagbago mula sa isang pyudal na bansa tungo sa isa sa mga dakilang kapangyarihan ng makabagong mundo.<br>5. Si __________ ay isang kapitan ng dagat at isang negosyante na marahil ang pinakamayamang itim na Amerikano sa kanyang panahon, ay humantong sa unang pagsisikap ng Back to Africa sa unang bahagi ng 1800s.</td><td>Sagot<br>1.Spain<br>2. Simon Bolivar<br>3.Back to Africa Movement<br>4.Meiji<br>5.Paul Cuffee</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (ANONG QUOTE?)**<br><br>Ang mga mag-aaral ay susuriin at magbibigay ng opinyon sa isang kilalang quote mula kay Mahatma Gandhi.<br><br><br><br>Matapos ay iproproseso ng klase ang quote gamit ang mga sumusunod na katanungan.<br>1. Ano ang nais ipahiwatig ni Gandhi dito?<br>2. Bakit magiging bulag ang daigdig kung gagamit ng dahas?<br>3. Maari ba natin makamit ang kalayaan na hindi gumagamit ng dahas? Ipaliwanag.<br><br>**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (WORD WARS)**<br><br>Ang mga mag-aaral ay aayusin ang mga sumusunod na jumbled words para mabuo ang mga salita. Gamitin ang mga clues para magkaroon ng ideya sa hinahanap na salita.<br>1. **DOKAEMSARY**- Uri ng pamahalaan kung saan ang tao ang may kapangyarihan.<br>2. **MUNIMOKSO**- Ideolohiya na umaayon sa pagtatag ng organisasyon pang sosyal na walang estado.<br>3. **ALST AHMRC**- Isang protesta na ginawa ni Gandhi bilang tugon sa pagpataw ng buwis sa asin.<br>4. **PSSIVEA TREANSCEIS**- Hindi marahas na pagkilos sa pamamagitan ng pagboycott ng mga produkto o di pasunod.<br>5. **AHAMSI**- Isang prinsipyo na naniniwala sa hindi paggawa ng bagay na makakasakit sa kapwa. | Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral depende sa kanilang pagkakaunawa sa quote. Iproseso ang sagot ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malayang talakayan.<br><br>Sagot:<br>1. DEMOKRASYA<br>2. KOMUNISMO<br>3. SALT MARCH<br>4. PASSIVE RESISTANCE<br>5. AHIMSA |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa #1: (SUN YAT SEN AT ANG NASYONALISMO SA TSINA)**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa (TIMELINE)**<br><br>Sa pagpapatuloy ng talakayan sa mga pagkilos na naganap bilang pagtugon sa imperyalismo, Ang guro ay pagtutuunan ng pansin ang Nasyonalismo sa Tsina kung saan ay palalalimin ang talakayan kay Dr. Sun Yat Sen. | Palalimin ang talakayan na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sitwasyon kung ano ang meron sa Tsina noon. Maaring panoorin ang video na ito para magkaroon ng ideya sa tatalakayin |

Hahatiin ang klase sa limang pangkat kung saan ay panonoorin nila ang isang video na nagpapaliwanag sa buhay ni Sun Yat Sen.

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=HG2e40GuP7s

Matapos ang bawat pangkat ay gagawa ng isang timeline ng mga mahahalagang nangyari kay Sun Yat Sen at ang kanyang pagkilos tungo sa paglaya ng Tsina sa Dinastiyang Ching. Iproproseso ng guro ang mga gawang timeline ng bawat pangkat batay sa kanilang mga sagot sa ginawang timeline.




**Pinatnubayang Pagsasanay (SUN YAT YES OR NO)**

Magpapakita ng mga pahayag sa klase. Matapos ay tutukuyin kung ang mga pahayag ay tumutukoy sa mga nagawa ni SUN YAT SEN (YES) o hindi (NO).

__________1. Si Dr. Sun Yat Sen ay nag-aral ng edukasyon sa Hong Kong at naging Principal ng isang paaralan sa Tsina.

__________2. Nasa Estados Unidos si Sun Yat Sen nang bumagsak ang Dinastiyang Qing.

__________3. Itinatag ni Sun Yat Sen ang Partidong Koumintang

__________4. Ang Three Principles of People ni Sun Yat Sen ay Liberty, Equality at Fraternity.

__________5. Si Sun Yat Sen ang kinikilala Ama ng Republika ng Tsina.

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=UUCEeC4f6ts&t=370s

Gamitin ang timeline para magkaroon ng malayang talakayan sa ambag ni Sun Yat Sen. Magtanong sa mga mag-aaral para mapalalim ang kanilang pag-unawa


Sagot:

1. NO
2. YES
3. YES
4. NO
5. YES

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Paglalapat at Pag-uugnay (PANGARAP NI SUN YAT SEN)
Hindi man natupad ni Sun Yat Sen ang kanyang pangarap para sa Tsina dahil sa kanyang pagpanaw ay malaki naman ang naiambag nito para matapos ang mahigit libong taon na pamamahala ng mga dinastiya.<br>Panoorin ang video na kung saan ay nagpapaliwanag sa Three Principles of the People.
Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=WKzITi4cpd0
Matapos ay iproproseso ang video sa pamamagitan ng pagsagot sa katanungan na ito:<br>“ Paano maisasabuhay ang Three Principles of the People ni Sun Yat Sen tungo sa isang bagong Pilipinas?”
____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________
IKATLONG ARAW
Kaugnay na Paksa #2: (MAHATMA GANDHI AT ANG PASSIVE RESISTANCE)<br>Pagproseso ng Pag unawa (SURI-VIDEO)
Naunawaan na ng mga mag-aaral ang pagkilos na ginawa ni Sun Yat Sen sa Tsina, ngayon ay susuriin ng mga mag-aaral ang pagkilos ni Mahatma Gandhi na hindi gumagamit ng anumang dahas. Maari magkaroon ng kaunting introduksyon kay Gandhi.<br>Panoorin ng klase ang inihandang video na may kinalaman sa buhay at nagawa ni Mahatma Gandhi.
</td>
<td>Inaasahan magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa. Ipabahagi sa klase ang mga nagawa ng mga mag-aaral para mapalalim ang talakayan.</td>
</tr>
</table>

Sanggunian: **https://www.youtube.com/watch?v=9nAUxQ8X3GQ**

Matapos mapanood ay iproseso ng klase ang napanood na video sa pamamagitan ng isang "graphic organizer". Ilalagay nila sa graphic organizer ang mga mahahalagang konsepto na napanood sa video. Magkaroon ng malayang talakayan para mapalalim ang aralin




**Pinatnubayang Gawain (GAN-OO o GAN-HDI)**

Magpapakita ng mga pahayag sa klase. Matapos ay tutukuyin kung ang mga pahayag ay tumutukoy sa mga nagawa ni Gandhi (OO) o hindi (HINDI).

___________1. Nagtrabaho si Gandhi bilang isang barrister sa South Africa

___________2. Maraming beses na nakulong si Gandhi dahil sa kanyang mga pagkilos laban sa Great Britain

__________3. Naging unang pangulo ng India si Gandhi

__________4. Ang kahulugan ng "Mahatma" ay Great Soul.

__________5. Pinatay si Gandhi ng isang Muslim dahil taliwas siya sa pinapaniwalaan ni Gandhi.


**Paglalapat at Pag-uugnay (HANDOG NG PILIPINO SA MUNDO)**

Hindi maitatago na malaki ang naiambag ni Gandhi tungo sa pagkamit ng kalayaan nang hindi gumagamit ng dahas, hindi man ito perpekto pero kaya pala ito gawin ng mga mamamayan para maipaglaban ang kanilang tinatamasang kalayaan.

Palalimin ang talakayan na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sitwasyon kung ano ang meron sa India. Maaring panoorin ang video na ito para magkaroon ng ideya sa tatalakayin

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=y0uNJRQgNMM

Gamitin ang graphic organizer para magkaroon ng malayang talakayan sa ambag ni Mahatma Gandhi. Magtanong sa mga mag-aaral para mapalalim ang kanilang pag-unawa

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Ngayon ay tumungo tayo sa Pilipinas na isa sa mga bansa nagpakita rin ng mapayapang paraan ng pagkamit ng kalayaan. Iparirinig sa klase ang awiting pinamagatang “Handog ng Pilipino sa Mundo” para magkaroon ng ideya sa pagkakatulad ng dalawang pangyayari.
Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=sGYLidxrr2E
Matapos ay ihambing ang dalawang kaganapan na ito gamit ang inihandang “Graphic Organizer”. Iproseso ang pagkakatulad ng dalawang kaganapan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang malayang talakayan.


</td>
<td>
Sagot:
<ol>
<li>OO</li>
<li>OO</li>
<li>HINDI</li>
<li>OO</li>
<li>HINDI</li>
</ol>
Inaasahan magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa. Ipabahagi sa klase ang mga nagawa ng mga mag-aaral para mapalalim ang talakayan.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pabaong Pagkatuto (SALAMAT PO SA INYO)**<br>Ngayon ay natapos na ang aralin, inaasahan natin nakita na ng mga mag-aaral ang iba't ibang pagkilos ng bawat bansa para makamit lamang ang kanilang karapatan at kalayaan. Sa gawain na ito ay bibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magpasalamat sa lahat ng mga tao na nakipaglaban para makamit ang tinatamasa nating kapayapaan.<br>Gumawa ng isang sulat para kina Sun Yat Sen at Gandhi tungkol sa mga natutunan sa aralin na ito at ano ang sa tingin mo na ipagpapasalamat mo sa kanilang dalawa na nakatulong para maging inspirasyon pa sa ibang bansa na lumaban para sa kanilang kalayaan<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto (SPREAD THE WORD)**<br>Matapos magawa ang sulat ay maghahanap ng kaparehas ang mga mag-aaral. Babasahin nila ang sulat ng kanilang kaparehas. Matapos sa likuran ng kanilang sulat ay magbibigay ng komento ang kanilang kaparehas sa kung ano ang kanilang masasabi sa isinulat ng kanilang kaparehas. Magkaroon ng malayang talakayan dito para maiproseso ang gawain. | Inaasahan magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa kanilang pagkakaunawa. Ipabahagi sa klase ang mga nagawa ng mga mag-aaral para mapalalim ang talakayan. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit (PILIIN MO ANG PILIPINAS)**<br>Sa panahon ng maraming mga social influencers ang lumalaganap, tila nakakalimutan ng ilang mga kabataan ang mahalin at ipaglaban ang ating bayan lalo sa kabila ng paglaganap ng mga ideyang kanluranin.<br>Tulad ng mga ginawa ni Sun Yat Sen at Gandhi, sa gawain na ito ay ipakita ng mga mag-aaral kung paano mamahalin at pipiliin ang Pilipinas sa pamamagitan ng isang "Tiktok Video"<br>Pakinggan muna ng mga mag-aaral ang awiting Piliin mo ang Pilipinas ni Angeline Quinto | Ipakita ang video na ito para magkaroon ang mga mag-aaral ng ideya sa pagbuo ng gagawing video. Siguraduhin na ang video ay tatagal lamang ng 3-4 na minuto. Ipaliwanag ang pamantayan para maunawaan ng mga mag-aaral ang gagawin. |

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=7auyWBQdRoU

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Gamit ang awitin na ito ay gumawa ng isang tiktok video kung paano maipapakita ang pagmamahal sa Pilipinas na hindi gumagamit ng dahas at pagpapakita ng aral ng nasyonalismo sa kabila ng mga isyu at suliraning kinakaharap ng bansa.

Mamarkahan ng guro ang nagawang video batay sa mga sumusunod na pamantayan:

| Pamantayan | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Di Gaano Mahusay (2) | Di Mahusay (1) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Wasto ang mga impormasyon at akma sa paksa | Wasto ang impormasyon subalit hindi akma ang paksa | May kaunting kamalian ngunit akma ang paksa | Maraming maling impromasyon at hindi akma ang impormasyon |
| Mensahe | Malinaw at naihatid ng maayos ang mensahe ng video | Malinaw ngunit hindi naunawaan ng maayos ang mensahe ng video | Hindi gaano malinaw ang mesahe at Hindi naihatid ang mensahe nito | Hindi malinaw at naihatid sa manonood ang mesahe |
| Presentasyon | Malinis at maayos ang pagkakagawa ng video | Malinis ngunit hindi lahat maayos ang pagkakagawa | May kaguluhan sa pagkakagawa ng video | Hindi maayos ang pagkakagawa ng video |

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=KMrrNA-sPOs

Gawin ito bilang isang takdang aralin at maari panoorin ng buong klase kapag ito ay natapos na.

| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | *Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga* |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | *kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |